

Maaaring magkaroon ng masamang panahon nang hindi inaasahan, kaya mahalagang malaman ang mga palatandaan nito at tugunan ito nang mahusay. Mahalagang matukoy ng mga manggagawa ang iba't ibang mga uri ng masamang panahon at maghanap ng naaangkop na masisilungan. Sa pag-unawa sa mga alerto para sa panahon at paggawa ng mga naaangkop na pag-iingat, maaaring manatiling ligtas ang mga indibiduwal kapag naharap sa hindi magandang mga kondisyon ng panahon.

Bago sumali sa mga aktibidad sa labas o pagbibiyahé, mahalagang tingnan ang taya ng panahon at malaman ang anumang alerto para sa panahon para sa araw. Ang mga alertong ito ay nagsisilbing mahalagang impormasyon para gumawa ng mga may kaalamang desisyon at maghanda nang sapat. Narito ang ilang pangunahing uri ng mga alerto para sa panahon na dapat kang maging pamilyar:

Babala: Isang apurahang mensahe na nagsasabing mayroong o magkakaroon ng masamang panahon. Regular itong in-update para panatilihin may nalalaman ang mga indibiduwal, para makagawa sila ng naaangkop na aksyon.

Magbantay: Nagsasaad ng potensyal para sa malalaking bagyo o masamang panahon na maaaring magkaroon.

Pagpapayo: Ibinibigay para sa mga kagapanan sa panahon na hindi gaanong malubha pero maaari pa ring magkaroon ng malaking epekto.

Espesyal na Pahayag tungkol sa Panahon: Binibigyang-diin ang mga hindi karaniwang kondisyon na maaaring magdulot ng alalahanin.

Ang ilan sa mga karaniwang uri ng masamang panahon na kinakaharap natin sa mga Parang ay kinabibilangan ng:

Malalakas na Hangin

Pagtukoy sa mga palatandaan: Malakas na ingay at makikitang mga debris na binubuhat o naalis sa lugar.

Mga Panganib: Lumilipad na mga debris, pinsala sa puno, at pagkasira ng gusali.

Mga Kontrol: Sumilong sa loob at iwasan ang mga bintana.

Mga Buhawi

Pagtukoy sa mga palatandaan: Hanapin ang mala-embudong ulap, malakas na tunog, at madilim na madalas ay medyo berdeng langit.

Mga Panganib: Lumilipad na mga debris at sira sa gusali.

Mga Kontrol: Sumilong kaagad sa mas mababang palapag ng matibay na gusali. Kung maaabutan ka sa labas, humiga sa isang ditch o mababang lugar, protektahan ng mga kamay ang iyong



ulo.

Hail


Pagtukoy sa mga palatandaan: Pagtaas sa presyon ng hangin at halumigmig na sinundan ng mabilis na pagbaba ng temperatura, na sinamahan ng pagbagsak ng mga tipak ng yelo.

Mga Panganib: Mabilis na bumabagsak na mga hailstone.

Mga Kontrol: Sumilong sa isang solid na gusali at lumayo sa mga



bintana, salamin na pinto, o mga skylight.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

Malakas na Ulan

Pagtukoy sa mga palatandaan: Pangmatagalang pag-ulan na may kasamang malawakang sistema para sa panahon o mga panandaliang pagkulong at pagkidlat na may kasamang malakas na pagbuhos ng ulan.

Mga Panganib: Hindi magandang visibility, basa at maputik na mga kondisyon, at nagfa-flash flood.

Mga Kontrol: Sumilong, magplano ng paglikas sa mas mataas na lugar, at iwasan ang mga underpass sa kalsada, mga drainage ditch, mga lugar na mababa, at mga zone na may naiipong tubig. Iwasang magmaneho sa mga bahang kalsada.



Kidlat

Pagtukoy sa mga palatandaan: Mainit at maalinsangan na mga araw, mga pamumuo ng madilim na ulap, at pagrinig ng kulog.

Mga Panganib: Kuryente sa lupa, side flash, pagkakadikit, mga pataas na leader, direktang pagtama, at blunt trauma.

Mga Kontrol: Gamitin ang 30-30 na panuntunan: bilangin ang mga segundo sa pagitan ng pagkakakita sa kidlat at pagkakarinig sa kulog. Kung ito ay wala pang 30 segundo, sumilong kaagad at maghintay ng 30 minuto bago muling ipagpatuloy ang mga aktibidad sa labas.

Ang pagiging handa sa masamang panahon ay mahalaga para matiyak ang personal na kaligtasan at mabawasan ang potensyal na pinsala. Sa pag-unawa sa iba't ibang alerto para sa panahon, pagtukoy sa mga palatandaan ng mga masamang kaganapan sa panahon, at paggawa ng naaangkop na aksyon, mapoprotektahan ng mga indibiduwal ang kanilang mga sarili, mahal sa buhay, at ang kanilang ari-arian mula sa mga panganib na kaugnay sa hindi magandang mga kondisyon ng panahon. Manatiling may nalalaman, manatiling ligtas!

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Alam mo ba na ang mga kumpanyang nakarehistro sa RPM ay maaaring kumuha ng pagsasanay sa pangunang lunas sa pamamagitan ng St. John Ambulance sa mababang halaga? Ang mga miyembro ng RPM ay makakatanggap ng 15% diskwento sa lahat ng serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng St. John's Ambulance basta't sila ay kasali sa programa ng RPM.

Kasama sa iba pang mga kurso na maaari kang maging interesado ang:

- Kaligtasan para sa mga Supervisor
 - self-led na kurso online
- Pagtukoy ng Panganib at Pagkontrol ng Panganib
 - self-led na kurso online

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.

